# 10 Beautician



Ang trabaho ng beautician ay mag-gupit, mag-shampoo, magkulot, magkulay ng buhok, at bukod sa pag-i-style ng buhok nagme-make-up at nag-aayos din sila ng pagsuot ng kimono Hindi lang sa hair salon o parlor sila pumapasok, maari din silang magtrabaho sa fashion business at mga pictorials. Kapag may karanasan na, maari ng makapagsarili at magtayo ng sariling parlor, subalit kailangan din malaman ang kahalagahan ng pagtatrabaho ng matagalan at pagkakaroon ng maraming eksperiyensiya bilang isang assistant.

Galing ng kamay ang gamit sa trabahong at bagay ito sa mga mahilig makipag-usap sa tao.

## Para maging isang beautician

Senior Highschool graduate → Beauty School (2-3 taon) → National Examination para sa beautician → Parlor Hairsalon Wedding ceremony venue →

Managing beautician
Maaring makakuha ng sertipikasyon bilang managing beautician kung nakatapos at nakakuha ng lisensya, nagkaroon ng mahigit 3 taon karanasan at makumpleto ang mga ilang programa itinalaga. At kung ang layunin ay magkaroon ng sariling parlor, kinakailangan ang patuloy na pag-aaral.

**＜Maagang preparasyon＞**

Sa pagiging beautician, trabaho nila ang makipag-usap sa mga kostumer at staff ng parlor kayat kailangan ang mataas na antas ng Japanese language.

Kinakailangan ding malawak na kaalaman at sensibilidad.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at paghahasa ng sariling salita ng maaga.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Bilang isang beautician, maraming parlor,esthetic salon at wedding ceremony venue ang maaring pasukan. Mayroon ding mga beautician na nagtatrabaho sa fashion business at pictorials. Maaring magtayo ng sariling parlor.

Ang halaga ng suweldo ay base sa karanasan at tagal ng serbisyo at ang pangkaraniwang suweldo ay 2,80,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Ang halagang magagastos sa mga beauty schools ay aabutin ng 1,500,000 yen para sa 2 taon.